Pangalan: ________________________________
Petsa: _______________ Nakuhang Puntos: _____________

**I. Panuto:** Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang.

_________1. Ito ay akdang tuluyan na hango sa karanasan ng isang kilala, sikat o tanyag na tao. Tumatalakay ito sa nakatutuwang pangyayari sa kaniyang buhay.

A. Anekdota C. Maikling Kuwento
B. Talambuhay D. Tula

_________2. Ang anekdota ay kinakailangang maisulat o maisalaysay sa paraang ________.

A. Maikli C. Maligoy
B. Makasaysayan D. Makatotohanan

_________3. Alin sa sumusunod ang dapat na maging wakas ng isang anekdota?

A. Nabibigyang solusyon ang problema.
B. Nagtatagumpay ang pangunahing tauhan.
C. Nag-iiwan ng aral.
D. Nagtataglay ng kakaibang impresyon o kakintalan.

_________4. Ang anekdota ay tunay na mayaman sa guni-guni at imahinasyon bilang isang akdang ____________________.

A. Pampolitika C. Pampanitikan
B. Pansiyentipiko D. Pangwika

_________5. Mula sa anekdota ni Jose P. Rizal na pinamagatang "Ang Tsinelas ni Pepe", alin sa sumusunod ang aral ng akda?

A. Pagbibigay tulong sa kapwa
B. Pangangalaga sa kalikasan
C. Pagiging di makasarili
D. Pagtanggap ng kamalian

_________6. Ang mga sumusunod ay katangian ng anekdota, MALIBAN sa.

A. kawili-wili B. natatangi C. maikli D. may-aral

_________7. Ano ang mainam na paksa sa susulating anekdota?

A. Kakaibang pangyayari sa buhay
B. Katawa-tawang pangyayari sa buhay
C. Nakalulungkot na bahagi ng buhay
D. Nakatatawag- pansing kuwento ng buhay

________8. Ang mga hakbang sa pagsulat ng anekdota ay ang mga sumusunod, MALIBAN sa

A. Pagiging seryoso sa paglalahad
B. Pagpili ng angkop na pamagat
C. Paggawa ng balangkas
D. Pagpili ng nakatutuwang kaganapan sa buhay

________9. Alin sa sumusunod ang HINDI halimbawa ng anekdota?

A. Ang Kariton ni Ramon
B. Ang Press at ang Priest
C. Isang Daang damit
D. Ang Bayaning Kasambahay

________10. Ang sumusunod ay dapat isaalang-alang sa pagsulat ng isang anekdota, MALIBAN sa

A. Mayroong iisang paksa lamang
B. Makatotohanang paksa na nakabase sa sariling karanasan
C. Nakapagbibigay ng kakaibang kakintalan sa mambabasa
D. Nakapagbibigay impormasyon

**II. Panuto:** Piliin at Isulat ang letra ng angkop na uri ng tunggalian sa bawat bilang.

**A.** *tao vs. tao* **B**. *tao vs. sarili*

____1. Hindi nanginig si *Nai* Phan. Kalmante siyang nakatayo at sabi niya sa tinig na parang nakikipag-usap lang: “Ibibigay ko sa ‘yo ang pera, pero hindi dahil sa baril mo, ibibigay ko sa ‘yo dahil mukhang kailangang-kailangan mo iyon. Baka nakasalalay dito’y buhay at kamatayan.

____2. “Hindi ko alam kung saan ako pupunta ngayon. Saan ako maaaring pumunta? Ano ang mga pinaniniwalaan ko? Hindi ko alam. Mukhang wala nang ano pa man sa mundong ito na karapat-dapat paniwalaan.

____3. “Kaya mo ba akong paniwalaan? Hindi ako interesado sa kahit ano. Sawang-sawa na ako sa lahat. Ang buong mundo’y parang hungkag. Walang kahulugan, walang anupaman na mapapangapitan o maigagalang ng tao. Kung talagang gusto kong magtrabaho, sa palagay ko’y maaari akong humanap ng gawain.”

____4. “Pero nasusuklam akong makita ang sangkatauhan, ayokong tumanggap ng kahit na anong pabor mula sa kanila. Mananatili ako nang isang linggo sa isang trabaho, dalawang linggo, sa isa pa—hindi ako nagtatagal kahit saan.”

____5. Hinimas ng kabataang lalaki ang kanyang baba at masusing naningkit ang mga mata kay *Nai* Phan. “Suwerte mo na hindi ka nagpakita ng anumang takot o galit nang pagbantaan kita ng baril, tiyak na papatayin kita.

### III. Transpormasyon ng Tauhan sa Akda

**Panuto:** Suriin ang transpormasyong ipinahihiwatig ng mga pahayag. Isulat sa patlang ang letra ng wastong sagot.

____1. Mukhang naging mas masigla na ang estranghero. Tumindig na siya para umalis at pagkaraan, naalala niya, inilabas niya ang baril. Iniabot niya iyon sa may-ari ng tindahan.

A. Transpormasyong Pisikal

B. Transpormasyong Emosyonal

C. Transpormasyong Intelektwal

____2. “Uuwi na ako ngayon. Mangyari pa, sa isip ko, hindi ko na kamumuhian uli ang daigdig. Natuklasan ko sa wakas ang uri ng buhay na gusto kong tuntunin,” wika ng holdaper.

A. Transpormasyong Pisikal

B. Transpormasyong Emosyonal

C. Transpormasyong Intelektwal

____3. "Maniwala ka sa akin, magagamot ng doktor ang katawan, pero kailangan ng tao ang lunas pati sa kanyang isip at kaluluwa."

A. Transpormasyong Pisikal

B. Transpormasyong Emosyonal

C. Transpormasyong Intelektwal

____4. Ang isang lalaking may dalang baril ay hindi nakakilala ng kapayapaan, ang puso niya'y naghihirap sa takot at pag-aalinlangan, at sa amoy ng panganib. Hindi tayo liligaya habang ang ating mga kamay ay nagsisikip sa mga sandata."

A. Transpormasyong Pisikal

B. Transpormasyong Emosyonal

C. Transpormasyong Intelektwal

____5. "Ito na lahat niyon. Dalhin mo, iyo nang lahat. Hindi ito pagbibigay na ginawa sa galit. Alam ko na puno ang mga bilangguan, pero hindi ng mga kriminal. Isa kang lalaking tulad ko, tulad ng ibang lalaki; kahit sinong lalaki, kahit isang ministro ay ganyan din ang gagawin kung desperado."

A. Transpormasyong Pisikal

B. Transpormasyong Emosyonal

C. Transpormasyong Intelektwal